

KAAYUSAN NG PAGSAMBA

PAGHAHANDA AT PAGNINILAY

PAGSINDI NG KANDILA AT PAGBUBUKAS NG BIBLIYA PROSEYONAL

✠ TAWAG SA PAGSAMBA

Patnugot: Halina tayong lahat! Lumapit tayo sa Diyos na mapagmahal. Karapat-dapat Siyang sambahin sapagkat Siya ang lumikha at nagbigay ng buhay sa atin.

Kapulungan: Halina! Makinig tayo at matuto sa salita ng Diyos. Nais Niya tayong ituwid upang maging kalugud-lugod sa Kanya. Ang Kanyang salita ay may kapangyarihang magbago ng buhay.

Patnugot: Sumamba sa Diyos ang bawat umiibig sa Kanya. Taos pusong ipahayag ang papuri. Purihin natin Siya ng may pagkaunawa at karunungan.

Kapulungan: Halina tayo; tayong mamamayan ng (*pangalan ng inyong lugar*), dalhin natin sa kanya ang ating mga pasasalamat, ang Kanyang patnubay, pagpapala, kapayapaan at pag-iingat.

Patnugot: Handang dinggin ng Panginoong Diyos ang ating mga dalangin, awit ng papuri, at tanggapin ang ating mga handog. Damhin natin ang Kanyang presensya sa ating kalagitnaan.

Lahat: Sambahin natin ang Diyos. Bigyang dangal ang kanyang pangalan. Purihin Siya sa taglay na kalakasan.

✠ AWIT NG PAGPUPURI Ang Dios ay Purihin" (To God be the Glory)

Lyrics: Leslie V. Guerrero, Music: William H. Doane,

Ang Dios ay purihin, ang Manlilikha!

Tayo ay inibig, S'ya ay dakila!

Sa wangis Niya tayo'y kanyang nilikha.

Kaloob ay buhay ay pinagpala.

(Koro 1) Purihin ang Ama, Makapangyarihan.

Purihin si Jesus, S'ya ang kaligtasan.

Espiritu Santo, ay papurihan.

Ang Iisang Dios ng kapayapaan.

Ang Dios ay purihin, nag-anyong tao,

Ating ngang lapitan si Jesu-Cristo,

Buhay ang inalay, maligtas tayo.

Maglingkod sa Kanya nang buong puso.

(Koro 2) Purihin ang Ama, Makapangyarihan.

Purihin si Jesus, S'ya ang kaligtasan.

Espiritu Santo, ay papurihan.

Ang Iisang Dios dala'y kalayaan.

Ang Dios ay purihin, S'ya'y Diwang Banal.

Gabay at aliw sa ting pagpapagal.

Nang maipamuhay, Mabuting Aral.

Ang pananalig at ang pagmamahal.

(Koro 3) Purihin ang Ama, Makapangyarihan.

Purihin si Jesus, S'ya ang kaligtasan.

Espiritu Santo, ay papurihan.

Ang Iisang Dios na Makatarungan.

✠ IMBOKASYON (Sabay-sabay ang lahat)

Walang hanggan at makapangyarihang Diyos, ang Iyong kadakilaan nawa ang makita namin sa panahong ito ng aming pagsamba. Lumalapit kami nang may pagpapakumbaba, na ang hangarin ay sambahin Ka sa espiritu at katotohanan.

Nawa'y gawin namin ang tapat na pagsamba sa Iyo. Pagsamba ng buong puso, pag-iisip at lakas. Akayin Mo kami, kasama ng iba pang mga mananampalataya, tungo sa iisang layunin na panglingkuran Ka ng may katapatan.

Buksan Mo ang aming damdamin at isipan upang madinig namin ang inyong panawagan na maging bahagi sa Iyong misyon tungo sa bagong sangkatauhan.

Tanggapin Mo ang aming mga pasasalamat at papuri bilang pagkilala sa Iyong kabutihan. Ipagkaloob Mo na madama namin ang Iyong kapangyarihan at pagkilos sa aming kalagitnaan. Amen.

TAWAG SA PAGSISISI

Patnugot

Lumapit tayo sa Diyos dala ang kabigatan ng ating damdamin, dahil hindi naging sapat ang ating pagsunod sa Kanyang kalooban. Hindi tayo nakapaglingkod ng matapat. Tinalikuran natin ang daing ng ating kapwa. Nanahimik tayo sa panahon na ang pamayanan ay nalilito at nanlulupaypay. Dahil dito, kailangan natin ang kahabagan ng Diyos. Idalangin natin na tayo ay kanyang patawarin.

SANDALI NG PAGNINILAY AT PAGESUSURI NG SARILI (sa saliw ng tugtugin)

PAGTANGGAP SA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS

Pastor

Wala na ang dati nating pagkatao. Sa tulong ng Espiritu Santo, tinuruan Niya tayong humalaw ng mga aral sa ating mga karanasan upang magbago. Bilang mga anak ng Diyos, sundin natin Siya at maging tapat tayo sa ating pananampalataya. Mga kapatid, tayo ay Kanyang pinatatawad. "Kaya't ang sinumang nakipag-isa kay Kristo ay isa nang bagong nilalang. Wala na ang dating pagkatao; siya'y bago na." (II Cor. 5:17)

Tugong Awit

"Ang Panginoo'y Papurihan"

MASP#5

Tayo ang bayang naligtas nang sa Kanya ay tumawag, upang hindi matiwalag, tayo sa mayamang lingap.

PAGBABATIAN NG MAY KAPAYAPAAN

Awit ng Pagbati

"Halina't Ipagdiwang"

MASP 274

Halina't ipagdiwang, Ang iyong kaarawan.

Tagumpay na nakamtan, sa iyo'y inilaan.

Mga araw dagdagan. Buhay mo ay kalugdan,

Ang Dios, pasalamat. At Siya'y papurihan.

BALITA AT MALASAKIT NG IGLESYA

PANALANGIN NG PAMAYANAN

TUGONG AWIT

"Sa Dalangin Ko' May Tugon Siya"

MASP 126

Si Jesus lamang ating tawagan, Dalangin nati'y pakikinggan.

Sa kalungkuta'y may kaaliwan, Sa panghihina'y kalakasan.

Si Jesus lamang, ating pag-asa. Pagtiwala ay sa Kanya.

Kay Jesus lamang, tayo'y payapa. Sa dalangin ay may tugon Siya

KAPAHAYAGAN NG SALITA NG DIYOS

PAGBASA SA LUMANG TIPAN

✠ TUGONG AWIT

"Nais Kong Isalaysay"

Nais kong isalaysay, ang ukol sa langit,
At I'walhati ni Cristo, at Kanyang pag-ibig.
Nais kong isalaysay, pagka't ito'y tunay,
Sa t'wing aking uliti'y, ako'y nasisiyahan.
Nais kong isalaysay ang lumang kasaysayan,
Ukol sa pagmamahal ni Cristo sa tanan.

Ruth 1:16-17

MASP 146

✠ PAGBASA SA BAGONG TIPAN

MENSAHE SA AWIT

MENSAHE SA SALITA

(Tahimik na pagninilay sa saliw ng tugtugin)

TAWAG SA PAGHAHANDOG

Ang biyayang ipinagkatiwala ng Diyos sa atin ay marapat na pangasiwaan ng may pagtatapat; at ang ating pagkakaloob ngayon ay kapahayagan ng ating pagiging mabuting katiwala. Atin pong ialay ang ating mga kaloob ng may pasasalamat.

PAGLILIKOM NG HANDOG

✠ DOXOLOGIA

"Halina Tayong Lahat"

Halina, sambahayan! Dios ay ating handugan,
Buhay at kalakasan. Kaloob na kay-inam.
Mapayapang tahanan, biyayang kagalakan,
Kaligtasang nakamtan, Siya'y pasalamat.

✠ PANALANGIN NG PASASALAMAT (Sabay-sabay)

Buong katapatan naming ipinagkakaloob sa Iyo, Panginoon, ang aming mga handog na naghahayag ng aming pagpapahalaga sa misyon at programa ng Iyong iglesya. Nalalaman naming ito ay ibinabalik Mo rin sa amin upang gamitin sa gawain ng pagpapahayag ng kaligtasan at paghahari ng Diyos. Salamat sa Iyong pagtitiwala sa amin bilang iyong mga katiwala. Amen.

✠ AWIT NG PAGTATALAGA

"Iniibig Ka, O Jesus Kong Giliw"

MASP 234

PANALANGIN NG PAGTATALAGA AT PAGPAPALA

✠ Tugong Awit

Humayo Ka (Tune: Go Now in Peace)

Humayo kang may kalakasan. Ang buhay mo ay sa Kanya ilaan.
Kalikasan, sangkatauhan. Atas ng Dios ito'y ingatan.
Bagong buhay, bagong ugnayan. Bunga ay laya at kaligtasan.
Paglilingkod sa pamayanan, paglilingkod sa Kaharian.

RESESYONAL



Lukas 7:1-10

Patnugot

Mga Tagalikom

Pastor



UNITED CHURCH OF CHRIST IN THE PHILIPPINES

South Luzon Jurisdiction

NORTHEAST SOUTHERN TAGALOG CONFERENCE



SEASON OF LENT

March 19, 2017



3rd Sunday in Lent

MGA TAGAPANGUNA

Patnugot:

Manunugtog:

Tagapamahalang Pastor:



Sa ganitong tanda tayong lahat ay